

# ULAN...

Tubig na tinipon ng init at hangin
kinalong ng ulap sa may papawirin;
Tubig palibhasang sa mababa galing
mababa ring dako ang laging layunin.

* * *

Pag ang daigdiga'y darang na sa init
ang bawa't patak mo'y ligaya't pag-ibig;
Pinakakanta mo ang natuyong batis
napapananariwa ang buong paligid.

* * *

Ang mga halamang nalanta't nalaing
nagsisipagbunyi sa iyong pagdating;
Ang mga dalagang kimi ang panimdim
ay nagtatampisaw sa dulot mong aliw.

* * *

Ang tigang na lupa sa payapang bukid
napalalambot mo't nagagawang putik;
Ulan kang katulong ng maraming bisig
na ang nalilikha'y buhay at pag-ibig.

* * *

Ulan kang malamig, tubig kang malambot
pag-asa ng bukid—at kamay ng lugod...
Subali't ulan ka na kapag nayamot
ay nadaragat mo ang malaking lunsod!

**PEDRO ENRIQUEZ MAGPAYO**

